# MONKEYPOX




# Ano ang Dapat Gawin Kung Pinaghihinalaan Mo ang Monkeypox

**Ang maagang pagtukoy ay maaaring makatulong na mapigilan ang pagkalat ng monkeypox. Alamin kung ano ang dapat hanapin at kung ano ang dapat gawin kung pinaghihinalaan mo ang monkeypox.**

## Mga Palatandaan at mga Sintomas

- Isang bagong maculo-papular na pantal na nabubuo sa mga lintos at pagkatapos ay mga butlig. Ang mga sugat ay maaaring malalim, matigas, nalilimitahan sa isang lugar at may uka na parang pusod. Ang pantal ay maaaring:
  - Lumitaw saanman sa katawan, kabilang ang mga palad, talampakan at anogenital na parte ng katawan
  - Nasa isang partikular na bahagi ng katawan lamang o kalat
  - Ang tanging sintomas na nararanasan ng mga tao
  - Maging mahapdi, walang hapdi, o makati
- Maaaring magkaroon ng lagnat, pananakit ng ulo, malaise, panginginig, at lymphadenopathy.
- Maaaring magpakita ang mga pasyente ng anorectal na pananakit, pagdurugo ng tumbong, o tenesmus kasama ng mga nakikitang perianal na sugat sa balat at pamamaga ng butas ng puwit (proctitis)



## Tanungin ang pasyente: Sa loob ng huling 21 araw, ikaw ba ay


- Bumiyahe sa isang **bansa** na may mga kamakailang kaso ng monkeypox, na nakaranas na ng mga naunang paglaganap?
- Nagkaroon ng malapitan o matalik na pakikisalamuha sa isang taong may katulad na pantal o kumpirmadong impeksyon ng monkeypox?
- Nagkaroon ng malapitan o matalik na pakikisalamuha sa isang tao sa isang social network na nakakaranas ng impeksyon ng monkeypox?
  - Karamihan ng mga kaso sa U.S. ay sa mga bakla, bisexual, at iba pang lalaki na nakikipagtalik sa lalaki; marami sa mga ito ay nakipagtalik nang anonymous sa isang taong nakilala nila sa mga app sa pakikipag-date o nakipagtalik sa maraming kapareha sa mga komersyal na lugar o kaganapan sa pakikipagtalik kung saan karaniwan ang anonymous na pakikipagtalik.





CS332623-I | 10/12/2022

## Tawagan ang inyong kagawaran sa kalusugan sa sandaling paghinalaan mo ang monkeypox



- Ang inyong pang-estado o lokal na ahensiya sa kalusugan ng publiko ay:
  - Magbibigay ng patnubay para sa pagkolekta ng espesimen at mag-aayos ng pagsusuri
  - Magbibigay ng patnubay para sa isolation
  - Tatalakayin ang mga opsyon sa paggamot, kung kinakailangan
- Ipaalam sa epidemiologist o infection preventionist ng inyong ospital ang tungkol sa pasyente.

## Protektahan ang inyong pasyente, inyong sarili at iba pa

- Papagsuotin ang pasyente ng mask at ilagay sila sa isang pang-solong tao na kuwarto. Sundin ang mga alituntunin sa paghadlang at pagkontrol ng impeksyon ng CDC para sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang paggamit ng angkop na PPE sa paligid ng pasyente.



## Magbahagi ng mga dulugan sa inyong pasyente

**Ipaalam sa mga pasyente:**

- Kung ano ang dapat gawin kung may sakit sila, kabilang kung paano pamahalaan ang mga sintomas at pampawala ng pantal
- Kung paano kilalanin ang mga malapitang nakasalamuha at mga tip sa kung ano ang dapat sabihin
- Kung paano pigilan ang pagkalat ng monkeypox sa iba

  Pinapayuhan ang mga taong may monkeypox na manatili sa bahay (mag-isolate) kung mayroon silang mga sintomas ng monkeypox, kabilang ang hanggang sa gumaling ang pantal ng monkeypox at mabuo ang isang bagong patong ng balat
- Kung paano disimpektahin ang kanilang tahanan, kabilang kung anong uri ng pandisimpekta ang gagamitin at kung paano linisin ang matitigas at malalambot na ibabaw
- Kung maaaring angkop ang paggamot para sa kanila

www.cdc.gov/monkeypox

CS332623-I | 10/12/2022